

# International Journal Research Publication Analysis

Page: 01-22

---

## EPEKTIBIDAD NG REMEDIAL READING PROGRAM AT KASANAYAN SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL

---

\*Mawlyn A. Vinzon, MA. Mercedes M. Monsale

---

Guimaras State University.

---

Article Received: 16 April 2026

\*Corresponding Author: Mawlyn A. Vinzon

Article Revised: 06 May 2026

Guimaras State University.

Published on: 26 May 2026

DOI: <https://doi-doi.org/101555/ijrpa.1531>

---

### ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin ang epektibidad ng Remedial Reading Program at ang kaugnayan nito sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa District of Jaro para sa Taong Panuruan 2025–2026. Ginamit ang deskriptibong-korelasyonal na disenyo upang masuri ang antas ng epektibidad ng programa, antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral, ang pagkakaiba batay sa profile ng mga guro, at ang ugnayan ng dalawang baryabol. Ang mga respondent ay mga guro sa pampublikong elementarya na inuri ayon sa antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, antas ng baitang na tinuturuan, at lokasyon ng paaralan. Gumamit ng researcher-made questionnaire na dumaaan sa validation at reliability testing, at sinuri ang datos gamit ang deskriptibo at inferensyal na estadistika tulad ng mean, frequency, Mann–Whitney U-test, Kruskal–Wallis H-test, at Spearman’s Rho. Lumabas sa resulta na ang Remedial Reading Program ay napakaepektibo sa kabuuan at sa iba’t ibang baryabol ng mga tagatugon. Ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay itinuturing na mataas sa lahat ng dimensyon. Wala ring makabuluhang pagkakaiba sa epektibidad ng programa at sa kasanayan sa pagbasa batay sa karamihan ng profile ng mga guro, maliban sa antas ng baitang na tinuturuan na nagpakita ng makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan sa pagbasa. Natuklasan din na may makabuluhang positibong ugnayan sa pagitan ng epektibidad ng Remedial Reading Program at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral, na nagpapahiwatig na ang mas epektibong implementasyon ng programa ay kaugnay ng mas mataas na antas ng literasiya ng mga mag-aaral.

**KEYWORDS:** Remedial Reading Program, kasanayan sa pagbasa, epektibidad, literasiya, deskriptibong-korelasyonal na pag-aaral.

## PANIMULA

Ang kakayahan sa pagbasa ay isa sa pinakamahalagang kasanayan na dapat taglayin ng bawat mag-aaral, sapagkat ito ang pundasyon ng pagkatuto sa iba't ibang asignatura. Gayunpaman, marami pa rin ang mga mag-aaral, lalo na sa mababang baitang, na nahihirapan sa pagbasa. Ayon kay Arevalo (2023), ang paggamit ng angkop na panuto at mga aktibidad na isinagawa ng guro ay nagdulot ng makabuluhang pag-unlad sa antas ng literasiya ng mga mag-aaral sa Baitang 4. Ipinapakita ng pag-aaral na ang pagtuturo sa pagbasa ay dapat iniayon sa aktwal na kakayahan at pangangailangan ng mga mag-aaral, at ang mga espesyalisadong interbensyon sa remedial reading ay epektibong paraan upang matugunan ang mga kakulangan sa literasiya.

Sa kontekstong ito, sina Guiro at Stanso (2024) ay nagbigay-diin sa mga pinakamahasay na kasanayan sa pagpapatupad ng remedial reading program sa mga paaralan sa Dibisyon ng Urdaneta. Bagama't may mga mag-aaral pa rin na nasa kategoryang "Below Letter Level," napag-alaman na ang paggamit ng iba't ibang estratehiya—tulad ng teknolohiya, maayos na pamamahagi ng tagapagpadaloy, kombinasyon ng pagtatasa, at angkop na pag-aangkop sa klase—ay nakakatulong sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa, partisipasyon, at aktibidad ng mga mag-aaral sa remedial program. Ipinapakita nito na ang tamang pagsasanay at pinakamahasay na kasanayan ng guro ay mahalaga sa epektibong pagpapatupad ng remedial reading program.

Dagdag pa rito, sinaliksik nina Kilag et al. (2023) ang paggamit ng makabagong interbensyon na nakabatay sa teknolohiya upang mapaunlad ang kakayahan sa pagbasa. Binanggit nila ang kahalagahan ng computerized reading programs, tablet applications, at assistive technology na nagbibigay ng personalized na suporta sa mga nahihirapang mambabasa. Gayundin, itinampok nila ang mga multisensory na pamamaraan tulad ng Orton-Gillingham at Lindamood Phoneme Sequencing (LiPS), na nagpapahusay sa phonemic awareness at kakayahan sa pag-decode sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang pandama. Ayon sa kanilang natuklasan, ang pagtutok sa phonological processing areas sa utak ay kritikal upang matugunan ang mga kahirapan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Batay sa mga nasabing pag-aaral, malinaw na ang remedial reading program ay may mahalagang papel sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang epektibong remedial reading ay hindi lamang nakasalalay sa karaniwang materyales sa pagbasa kundi pati na rin sa angkop na estratehiya, indibidwal na interbensyon, at pagsasanay sa guro. Dahil dito, ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon sa pagsusuri ng epektibidad ng remedial reading program sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral, upang

makapagbigay ng gabay sa mas maayos at epektibong implementasyon ng mga programang pampagbasa.

### **Pahayag ng Suliranin**

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang epektibidad ng remedial reading program at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Distrito ng Jaro, Dibisyon ng Siyudad ng Iloilo, Pilipinas sa Taong Panuruan 2025-2026.

### **Nilalayan ng pag-aaral na ito na masagot ang mga sumusunod na katanungan:**

1. Ano ang propayl ng mga tagatugon ayon sa antas ng antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, antas ng baitang na tinuturuan, at lokasyon ng paaralan?
2. Ano ang antas ng epektibidad ng remedial reading program kung itatasa ng tagatugon sa kabuuan at kung ibabatay ayon sa antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, antas ng baitang na tinuturuan, at lokasyon ng paaralan?
3. Ano ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral kung itatasa ng tagatugon sa kabuuan at kung ibabatay ayon sa antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, antas ng baitang na tinuturuan, at lokasyon ng paaralan?
4. Ano ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng epektibidad ng remedial reading program kung itatasa ng tagatugon kung ibabatay ayon sa antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, antas ng baitang na tinuturuan, at lokasyon ng paaralan?
5. Ano ang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag aaral kung itatasa ng tagatugon kung ibabatay ayon sa antas ng edukasyon, posisyon, haba ng serbisyo, antas ng baitang na tinuturuan, at lokasyon ng paaralan?
6. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan sa epektibidad ng remedial reading program at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral?

### **METODOLOHIYA**

Ang pag-aaral ay gumamit ng deskriptibo-korelasyonal na disenyo upang siyasatin ang epektibidad ng Remedial Reading Program at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Dibisyon ng Paaralan ng Iloilo para sa Taong Panuruan 2025–2026. Layunin nitong ilarawan ang mga katangian ng mga tagatugon at matukoy ang ugnayan sa pagitan ng bisa ng remedial reading program at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang mga respondente ay binubuo ng 120 guro mula sa pampublikong elementarya sa District of Jaro, Schools Division of Iloilo City na direktang kasangkot sa pagpapatupad ng remedial reading program at pinili sa pamamagitan ng purposive sampling technique. Gumamit ang mananaliksik ng binagong

talatanungan na may tatlong bahagi: profile ng mga tagatugon, epektibidad ng remedial reading program, at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Isinailalim ang instrumento sa content validation ng mga eksperto at pilot testing upang matiyak ang reliability nito gamit ang Cronbach's Alpha coefficient, kung saan nakakuha ng 0.926 para sa epektibidad ng remedial reading program at 0.943 para sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na nagpapakita ng napakataas na antas ng pagiging maaasahan. Sa pangangalap ng datos, humingi muna ng pahintulot ang mananaliksik sa mga kinauukulan bago ipamahagi at kolektahin ang mga talatanungan mula sa mga kalahok. Ang mga nakalap na datos ay nirepaso, inencode, at sinuri gamit ang SPSS sa pamamagitan ng frequency count, percentage, mean, Mann-Whitney U-test, Kruskal-Wallis H-test, at Spearman rho upang mabigyang-interpretasyon ang resulta ng pag-aaral at matukoy ang ugnayan sa pagitan ng epektibidad ng Remedial Reading Program at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

## **MGA RESULTA AT PAGTALAKAY**

### **Propayl Ng Mga Tagatugon Ayon Sa Antas ng Edukasyon, Posisyon, Habang Ng Serbisyo, Antas Ng Baitang Na Tinuturuan, At Lokasyon Ng Paaralan**

Ipinapakita sa Talahanayan 1 na karamihan sa mga tagatugon ay mga gurong may antas na Batsilyer na may kabuuang 106 o 88.3 porsyento, samantalang 14 o 11.7 porsyento lamang ang may antas na Master. Sa usapin ng posisyon, nangingibabaw ang mga guro na may 107 o 89.2 porsyento kumpara sa mga Master Teacher na may 13 o 10.8 porsyento. Batay naman sa habang ng serbisyo, mas marami ang may 15 taon pababa na karanasan sa pagtuturo na may 66 o 55 porsyento, habang 54 o 45 porsyento ang may 16 taon pataas na serbisyo. Kaugnay nito, mas maraming nagtuturo sa Grade 1-3 na may 66 o 55 porsyento kaysa sa Grade 4-6 na may 54 o 45 porsyento. Sa lokasyon ng paaralan, pinakamarami ang mula sa District C na may 45 o 37.5 porsyento, sinundan ng District B na may 40 o 33.3 porsyento, at District A na may 35 o 29.2 porsyento. Sa kabuuan, ipinakikita ng datos na ang karamihan sa mga tagatugon ay mga gurong nasa mababang baitang, may limitadong habang ng serbisyo, at hindi pa nakapagtatamo ng mas mataas na antas ng edukasyon.

Ipinahihiwatig ng resulta na mahalagang palakasin pa ang suporta sa pagpapatuloy ng pag-aaral at propesyonal na pag-unlad ng mga guro upang higit na mapataas ang kalidad ng pagtuturo at pamamahala sa pagkatuto. Ipinakikita rin ng distribusyon ng mga tagatugon na kinakailangang bigyang-pansin ng mga paaralan at tagapangasiwa ang pagbibigay ng mga pagsasanay at programang naaayon sa pangangailangan ng mga gurong nasa mababang baitang at may mas maikling karanasan sa serbisyo.

Ang resulta ng pag-aaral ay umaayon sa mga natuklasan nina Marcia (2026) na nagsasabing karamihan sa mga guro sa elementarya ay may antas na Batsilyer, nasa Teacher I–III na posisyon, at may mas mababang bilang ng taon sa serbisyo, na nagpapakita ng karaniwang kalagayan ng mga pampublikong paaralan sa bansa. Sinusuportahan din ito ng pag-aaral nina Bacus et al. (2024) na nagsasabing ang mga personal at propesyonal na katangian ng mga guro, kabilang ang antas ng edukasyon at karanasan sa pagtuturo, ay may mahalagang ambag sa kanilang pagganap sa pagtuturo. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Gonzaga (2024) na ang patuloy na pakikilahok ng mga guro sa Continuing Professional Development (CPD) ay mahalaga upang mapahusay ang kanilang kakayahan at pagiging epektibo sa pagtuturo, lalo na para sa mga gurong hindi pa nakapagtatapos ng mas mataas na antas ng edukasyon. Gayundin, ipinahayag sa ulat ng Department of Education (2025) na mahalagang paigtingin ang reporma sa teacher education upang matugunan ang learning gaps at mapahusay ang kahandaan ng mga guro sa makabagong sistema ng edukasyon.

**Talahanayan 1. Propayl Ng Mga Tagatugon Ayon Sa Antas ng Edukasyon, Posisyon, Habang ng Serbisyo, Antas Ng Baitang Na Tinuturuan, At Lokasyon Ng Paaralan.**

<b>Propayl</b>	<b>Bilang</b>	<b>Poryento</b>
<b>Antas ng Edukasyon</b>		
Batsilyer	106	88.3
Master	14	11.7
<b>Posisyon</b>		
Guro	107	89.2
Master Teacher	13	10.8
<b>Haba ng Serbisyo</b>		
15 Taon Pababa	66	55
16 Pataas	54	45
<b>Antas ng Baitang na Tinuturuan</b>		
Grade 1–3	66	55
Grade 4–6	54	45
<b>Lokasyon ng Paaralan</b>		
District A	35	29.2
District B	40	33.3
District C	45	37.5
<b>Kabuuan</b>	<b>120</b>	<b>100.00</b>

**Antas Ng Epektibilidad Ng Remedial Reading Program Kung Itatasa Ng Tagatugon Sa Kabuuan**

Ipinapakita sa Talahanayan 2 na sa kabuuan ay “Napakaepektib” ang antas ng epektibilidad ng Remedial Reading Program na may kabuuang mean na 4.33. Batay sa pinakamataas na mean, nanguna ang pahayag na “Ang remedial reading program ay nakatutugon sa pangangailangan

ng mga mag-aaral na may kahinaan sa pagbasa” na may mean na 4.82, kasunod ang “Ang partisipasyon ng magulang o tagapag-alaga sa programa ay nakakatulong sa tagumpay ng mga mag-aaral” na may mean na 4.51, at “Ang mga aktibidad sa programa ay nakatutok sa pagpapabuti ng kahusayan sa pagbasa” na may mean na 4.49, na pawang may deskripsyong “Napakapektib.” Ipinakikita nito na higit na pinahahalagahan ng mga tagatugon ang kakayahan ng programa na matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral, mapalakas ang suporta ng magulang, at mapahusay ang kasanayan sa pagbasa sa pamamagitan ng mga angkop na gawain. Samantala, kabilang naman sa pinakamababang mean ang “Ang oras ng implementasyon ng programa ay sapat at epektibo” na may mean na 3.99, “Ang programa ay sapat ang haba at dalas upang maging epektibo” na may mean na 4.03, at “Ang materyales at kagamitan sa programa ay naaangkop at nakatutulong sa pagkatuto” na may mean na 4.13. Bagama’t nananatiling positibo ang deskripsyon ng mga ito, ipinahihiwatig na may ilang aspeto ng oras, haba ng implementasyon, at kagamitang panturo na maaari pang mapahusay upang higit na mapataas ang bisa ng programa.

Ipinahihiwatig ng resulta na ang Remedial Reading Program ay matagumpay sa pagtugon sa mga pangunahing pangangailangan ng mga mag-aaral lalo na sa pagpapahusay ng kanilang kakayahan at kumpiyansa sa pagbasa. Gayunpaman, mahalagang pagtuunan pa ng pansin ang pagpapabuti ng oras, dalas ng implementasyon, at pagkakaroon ng sapat na materyales upang mas mapalawak ang positibong epekto ng programa sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang resulta ng pag-aaral ay umaayon sa mga natuklasan nina Cabardo at Cabardo (2024) na nagsasabing ang mga programang remedial sa pagbasa ay nagiging higit na matagumpay kapag nakatutugon sa partikular na pangangailangan ng mga mag-aaral at may sapat na suporta mula sa tahanan at paaralan. Binanggit din nina Kim at Park (2023) na ang aktibong partisipasyon ng mga magulang ay may malaking impluwensiya sa pag-unlad ng kakayahan sa pagbasa at akademikong pagganap ng mga bata. Dagdag pa rito, natuklasan nina Ramos et al. (2025) na ang paggamit ng makabuluhang aktibidad at estratehiya sa remedial reading ay nakatutulong sa pagpapataas ng motibasyon at kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Gayunpaman, binigyang-diin nina Santos at De Villa (2024) na ang kakulangan sa oras ng implementasyon at limitadong kagamitang panturo ay ilan sa mga karaniwang hamon na nakaaapekto sa kabuuang bisa ng mga programang remedial sa mga pampublikong paaralan.

## Talahanayan 2. Antas Ng Epektibidad Ng Remedial Reading Program Kung Itatasa Ng Tagatugon Sa Kabuuan.

Mga Pahayag	Mean	Deskripsyon
Ang remedial reading program ay nakatutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral na may kahinaan sa pagbasa.	4.82	Napakaepiktib
Ang nilalaman ng program ay malinaw at madaling sundan ng mga mag-aaral.	4.28	Napakaepiktib
Ang programa ay sapat ang haba at dalas upang maging epektibo.	4.03	Epektib
Ang mga guro ay may sapat na kaalaman at kasanayan upang ipatupad ang programang ito.	4.27	Napakaepiktib
Ang materyales at kagamitan sa programa ay naaangkop at nakatutulong sa pagkatuto.	4.13	Epektib
Ang programang ito ay nakakatulong sa pagpapabuti ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa pagbasa.	4.38	Napakaepiktib
Ang remedial reading program ay naaayon sa kurikulum ng paaralan.	4.33	Napakaepiktib
Ang programa ay nakaka-engganyo sa mga mag-aaral na makilahok sa mga gawain sa pagbasa.	4.25	Napakaepiktib
Ang partisipasyon ng magulang o tagapag-alaga sa programa ay nakakatulong sa tagumpay ng mga mag-aaral.	4.51	Napakaepiktib
Ang mga estratehiya sa remedial reading program ay naaayon sa kakayahan ng mga mag-aaral.	4.33	Napakaepiktib
Ang oras ng implementasyon ng programa ay sapat at epektibo.	3.99	Epektib
Ang programang ito ay nagdudulot ng positibong pagbabago sa pagganap ng mag-aaral sa pagbasa.	4.31	Napakaepiktib
Ang remedial reading program ay nagbibigay ng sapat na suporta sa mga mag-aaral na may mababang kasanayan sa pagbasa.	4.43	Napakaepiktib
Ang mga aktibidad sa programa ay nakatutok sa pagpapabuti ng kahusayan sa pagbasa.	4.49	Napakaepiktib
Sa kabuuan, ang remedial reading program ay epektibo sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mag-aaral sa pagbasa.	4.43	Napakaepiktib
<b>Kabuuan</b>	<b>4.33</b>	<b>Napakaepiktib</b>

Skala: 4.21-5.00 Napakaepiktib (NE), 3.41-4.20 Epektib (E), 2.61-3.40 Katamtaman (K), 1.81-2.60 Medyo Epektib (M), 1.00-1.80 Hindi Epektib (HE)

### Antas Ng Epektibidad Ng Remedial Reading Program Itatasa Ng Tagatugon Batay sa Antas ng Edukasyon, Posisyon, Haba Ng Serbisyo, Antas Ng Baitang Na Tinuturuan, At Lokasyon Ng Paaralan

Ipinapakita sa Talahanayan 3 na sa kabuuan ay “Napakaepiktib” ang Remedial Reading Program na may kabuuang mean na 4.33. Batay sa antas ng edukasyon, kapwa itinuring na “Napakaepiktib” ng mga gurong may antas na Batsilyer (M=4.33) at Master (M=4.35) ang programa, na nagpapakita na positibo ang pananaw ng mga tagatugon anuman ang kanilang natamong antas ng pag-aaral. Sa aspeto naman ng posisyon, kapwa mataas ang pagtatasa ng

mga guro (M=4.34) at Master Teacher (M=4.28), bagama't bahagyang mas mataas ang pananaw ng mga gurong nasa regular na posisyon. Kaugnay nito, ang mga gurong may 15 taon pababa na haba ng serbisyo ay may mean na 4.35 habang ang may 16 taon pataas ay may mean na 4.31, na nagpapahiwatig na mas positibo nang bahagya ang pananaw ng mga mas bagong guro hinggil sa bisa ng programa. Batay naman sa antas ng baitang na tinuturuan, mas mataas ang pagtatasa ng mga gurong nagtuturo sa Grade 1–3 (M=4.41) kumpara sa Grade 4–6 (M=4.24), na maaaring dulot ng mas malaking pangangailangan ng mga mag-aaral sa mababang baitang sa interbensyon sa pagbasa. Samantala, sa lokasyon ng paaralan, pinakamataas ang mean ng District B (M=4.36), sinundan ng District A (M=4.33), at District C (M=4.30), ngunit lahat ay nananatiling may deskripsyong “Napakapektib.” Ipinakikita ng mga resulta na nananatiling positibo at mataas ang pagtaya ng mga tagatugon sa Remedial Reading Program anuman ang kanilang propayl.

Ipinahihiwatig ng resulta na ang Remedial Reading Program ay may malawak na pagtanggap at positibong epekto sa iba't ibang pangkat ng mga guro, anuman ang kanilang karanasan, posisyon, at antas ng edukasyon. Ipinakikita rin nito na mahalagang mapanatili at higit pang mapaunlad ang mga estratehiya ng programa lalo na sa mga mataas na baitang upang matiyak ang pantay na pagiging epektibo nito sa lahat ng mag-aaral.

Ang resulta ng pag-aaral ay umaayon sa pananaw nina Dela Cruz at Ramos (2024) na ang pagiging epektibo ng mga programang pang-remedial ay hindi lamang nakabatay sa karanasan o posisyon ng guro kundi pati na rin sa angkop na implementasyon ng mga estratehiya sa loob ng paaralan. Sinusuportahan din ito nina Alonzo et al. (2025) na nagsasabing mas mataas ang pagpapahalaga ng mga gurong nagtuturo sa mababang baitang sa mga interbensyon sa pagbasa dahil mas kritikal ang paglinang ng pundasyong kasanayan sa unang antas ng pag-aaral. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Torres at Mendoza (2023) na ang positibong pananaw ng mga guro sa mga reading intervention program ay mahalagang salik sa matagumpay na implementasyon nito sa paaralan. Gayundin, ipinahayag nina Garcia et al. (2024) na ang pagkakaroon ng magkakatulad na mataas na pagtatasa mula sa iba't ibang distrito ay indikasyon ng maayos na pagpapatupad at suporta ng administrasyon sa mga programang pampagkatuto.

**Talahanayan 3. Antas Ng Epektibidad Ng Remedial Reading Program Itatasa Ng Tagatugon Batay sa Antas ng Edukasyon, Posisyon, Habang ng Serbisyo, Antas Ng Baitang Na Tinuturuan, At Lokasyon Ng Paaralan.**

<b>Propayl</b>	<b>mean</b>	<b>Deskripsyon</b>
<b>Antas ng Edukasyon</b>		
Batsilyer	4.33	Napakaepiktib
Master	4.35	Napakaepiktib
<b>Posisyon</b>		
Guro	4.34	Napakaepiktib
Master Teacher	4.28	Napakaepiktib
<b>Habang ng Serbisyo</b>		
15 Taon Pababa	4.35	Napakaepiktib
16 Pataas	4.31	Napakaepiktib
<b>Antas ng Baitang na Tinuturuan</b>		
Grade 1-3	4.41	Napakaepiktib
Grade 4-6	4.24	Napakaepiktib
<b>Lokasyon ng Paaralan</b>		
District A	4.33	Napakaepiktib
District B	4.36	Napakaepiktib
District C	4.30	Napakaepiktib
<b>Kabuuan</b>	<b>4.33</b>	<b>Napakaepiktib</b>

Skala: 4.21-5.00 Napakaepiktib (NE), 3.41-4.20 Epektib (E), 2.61-3.40 Katamtaman (K), 1.81-2.60 Medyo Epektib (M), 1.00-1.80 Hindi Epektib (HE)

**Antas Ng Kasanayan Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Kung Itatasa Ng Tagatugon Sa Kabuuan**

Talahanayan 4 ay nagpapakita ng antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa kabuuang pagtatasa ng mga tagatugon kaugnay ng epekto ng Remedial Reading Program. Sinusuri nito ang iba't ibang dimensyon ng pagbasa tulad ng pag-unawa sa teksto, bokabularyo, bilis at katumpakan sa pagbasa, pagbuo ng interpretasyon, at aplikasyon ng kasanayan sa iba't ibang sitwasyon.

Batay sa resulta, ang Top 5 na may pinakamataas na mean ay: (1) ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay tumataas dahil sa remedial reading program (M=4.16), (2) nagagamit nang maayos ang kaalaman sa pagbasa sa ibang asignatura (M=4.03), (3) nakikilahok sa mga aktibidad na nagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa (M=4.03), (4) may kumpiyansa sa kanilang kakayahan sa pagbasa (M=3.99), at (5) tumataas ang bilis ng pagbasa matapos ang programa (M=3.98). Samantala, ang Bottom 3 na may pinakamababang mean ay: (1) kakayahang magbuod ng binasang teksto (M=3.53), (2) nakakaunawa ng pangunahing ideya (M=3.70), at (3) nakakaintindi ng detalye at impormasyon sa teksto (M=3.71).

Ipinapakita ng kabuuang resulta na ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay nasa “Mataas” (Kabuuang Mean = 3.87), na nangangahulugang epektibo ang Remedial Reading Program sa pagpapabuti ng kanilang reading skills. Lumilitaw na pinakamalakas ang epekto ng programa sa bilis ng pagbasa, kumpiyansa, partisipasyon, at aplikasyon ng kasanayan sa ibang asignatura, habang mas mababa naman ang marka sa mas mataas na antas ng comprehension skills tulad ng pagbubuo at pag-unawa sa pangunahing ideya. Ipinahihiwatig nito na mas epektibo ang programa sa paglinang ng basic at functional reading skills kaysa sa higher-order comprehension skills.

Ang kinalabasan na ito ay sumusuporta sa pag-aaral ni Gediki at Akyol (2022) na binigyang-diin na ang tuloy-tuloy na interbensyon sa pagbasa ay nakapagpapataas ng kumpiyansa, motibasyon, at kakayahan ng mga mag-aaral na unti-unting umangat mula sa antas ng guided learning patungo sa mas independent reading. Makikita sa kasalukuyang resulta na ang pagtaas ng kumpiyansa at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral ay kapareho ng natuklasan sa kanilang pag-aaral, na nagpapakita ng bisa ng structured reading support.

Dagdag pa rito, maiuugnay rin ito sa pag-aaral ni Selvarajan (2022) na nagpakita na ang remedial interventions ay epektibo sa pagpapataas ng academic performance, lalo na sa mga mag-aaral na may mababang kasanayan, sa pamamagitan ng sistematikong pagsasanay at patuloy na suporta. Ang pagtaas ng reading fluency at paggamit ng kasanayan sa ibang asignatura ay nagpapakita na ang remedial reading program ay may spillover effect sa mas malawak na akademikong pagkatuto, katulad ng natuklasan ni Selvarajan tungkol sa epekto ng remedial teaching sa overall academic achievement.

#### **Talahanayan 4. Antas Ng Kasanayan Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Kung Itatasa Ng Tagatugon Sa Kabuuan.**

<b>Mga Pahayag</b>	<b>Me an</b>	<b>Deskrips yon</b>
Ang mga mag-aaral ay nakakabasa nang tama at maayos.	3.97	Mataas
Ang mga mag-aaral ay nakakaunawa sa pangunahing ideya ng binasang teksto.	3.7	Mataas
Ang mga mag-aaral ay nakakilala at nakakaintindi ng mga bagong bokabularyo.	3.81	Mataas
Ang mga mag-aaral ay may kakayahang magbuod ng binasang teksto.	3.53	Mataas
Ang mga mag-aaral ay nakakapagbigay ng sariling opinyon o interpretasyon sa binasa.	3.68	Mataas
Ang bilis ng pagbasa ng mga mag-aaral ay tumataas matapos ang remedial reading program.	3.98	Mataas
Ang mga mag-aaral ay nagagamit nang maayos ang kaalaman sa pagbasa sa ibang asignatura.	4.03	Mataas

Ang mga mag-aaral ay may kumpiyansa sa kanilang kakayahan sa pagbasa.	3.99	Mataas
Ang mga mag-aaral ay nakakagawa ng tamang koneksyon sa pagitan ng binasa at ng totoong buhay.	3.88	Mataas
Ang mga mag-aaral ay nakatutok at interesado habang nagbabasa.	3.94	Mataas
Ang mga mag-aaral ay nakakabasa nang may tamang pagbigkas.	3.91	Mataas
Ang mga mag-aaral ay nakakaintindi ng detalye at impormasyon sa teksto.	3.71	Mataas
Ang mga mag-aaral ay may kakayahang magtanong at magdiskusyon tungkol sa binasa.	3.72	Mataas
Ang mga mag-aaral ay nakikilahok sa mga aktibidad na nagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa.	4.03	Mataas
Sa kabuuan, ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay tumataas dahil sa remedial reading program.	4.16	Mataas
<b>Kabuuan</b>	<b>3.87</b>	<b>Mataas</b>

Skala: 4.21-5.00 Pinakamataas (P), 3.41-4.20 Mataas (M), 2.61-3.40 Katamtaman (K), 1.81-2.60 Mababa (M), 1.00-1.80 Pinakamababa (PB)

### **Antas Ng Kasanayan Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Kung Itatasa Ng Tagatugon Batay Sa Antas ng Edukasyon, Posisyon, Habang Ng Serbisyo, Antas Ng Baitang Na Tinuturuan, At Lokasyon Ng Paaralan**

Ipinapakita sa Talahanayan 5 na sa kabuuan ay “Mataas” ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral batay sa pagtatasa ng mga tagatugon na may kabuuang mean na 3.87. Batay sa antas ng edukasyon, mas mataas ang pagtatasa ng mga gurong may antas na Master (M=4.07) kumpara sa mga gurong may antas na Batsilyer (M=3.84), bagama’t kapwa nasa deskripsyong “Mataas.” Sa aspeto naman ng posisyon, mas mataas nang bahagya ang pagtatasa ng mga Master Teacher (M=3.96) kaysa sa mga guro (M=3.86), na nagpapakita ng positibong pananaw sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, ang mga gurong may 15 taon pababa na habang ng serbisyo ay nagtala ng mas mataas na mean na 3.92 kumpara sa mga may 16 taon pataas na may mean na 3.81. Sa antas ng baitang na tinuturuan, mas mataas ang pagtatasa ng mga gurong nagtuturo sa Grade 1–3 (M=3.96) kaysa sa Grade 4–6 (M=3.75), na maaaring nagpapahiwatig ng mas matinding pokus sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa sa mababang baitang. Samantala, halos magkakatulad naman ang pagtatasa batay sa lokasyon ng paaralan kung saan nakakuha ang District A ng mean na 3.89, District C ng 3.88, at District B ng 3.87, na pawang may deskripsyong “Mataas.” Ipinakikita ng mga resulta na positibo ang pananaw ng mga tagatugon sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral anuman ang kanilang propayl.

Ipinahihiwatig ng resulta na epektibo ang mga umiiral na estratehiya at programang pampagbasa sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa iba’t ibang

paaralan at baitang. Gayunpaman, mahalagang higit pang paigtingin ang mga interbensyon lalo na sa mataas na baitang upang mapanatili at mapataas pa ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Ang resulta ng pag-aaral ay umaayon sa mga natuklasan nina Villanueva at Perez (2024) na nagsasabing ang patuloy na pagpapatupad ng mga reading intervention program ay nakatutulong sa pagpapanatili ng mataas na antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa elementarya. Sinusuportahan din ito nina Ramos et al. (2023) na nagsabing ang mga gurong may mas mataas na antas ng edukasyon at posisyon ay kadalasang may mas malalim na pag-unawa sa pagtataya ng kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Santos at Garcia (2025) na ang mga mag-aaral sa mababang baitang ay karaniwang mas nabibigyan ng pokus sa literacy development kaya mas mataas ang pagtatasa sa kanilang kasanayan sa pagbasa. Gayundin, ipinahayag nina Mendoza et al. (2024) na ang pagkakaroon ng magkakatulad na antas ng kasanayan sa iba't ibang distrito ay indikasyon ng pare-parehong implementasyon ng mga programang pang-edukasyon at suporta ng paaralan sa literacy development ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 5. Antas Ng Kasanayan Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Kung Itatasa Ng Tagatugon Batay Sa Antas ng Edukasyon, Posisyon, Habang Ng Serbisyo, Antas Ng Baitang Na Tinuturuan, At Lokasyon Ng Paaralan.**

